

Pahayag ng Patakaran para sa Kawalan ng Diskriminasyon (Nondiscrimination Statement of Policy)

Bilang pag-alinsunod sa mga batas para sa Karapatang Sibil ng estado at pamahalaan, tinitiyak ng Santa Clara Valley Transportation Agency (VTA) na walang sinuman, batay sa lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang bansa, pagkikiala sa grupong etniko, relihiyon, edad, kapansanan, kasarian, sexual orientation, o genetic information na hindi isama na makalahok, tinanggihan ng mga benepisyo o serbisyo o dili kaya't sumailalim sa diskriminasyon sa lahat ng mga programa, serbisyo o aktibidad na pinapamahalaan ng VTA.

Abiso sa ilalim ng Americans with Disabilities Act Santa Clara Valley Transportation Agency

Alinsunod sa mga kahilingan sa ilalim ng Americans with Disabilities Act of 1990 ("ADA"), ang Santa Clara Valley Transportation Agency (VTA) ay hindi nakikitungo nang may diskriminasyon laban sa mga kuwalipikadong indibiduwal na may kapansanan batay sa kapansanan sa mga serbisyo, programa, o aktibidad nito.

Trabaho: Hindi nakikitungo nang may diskriminasyon ang VTA batay sa kapansanan sa pagkukuha nito sa trabaho o sa mga pamamalakad sa trabaho at sumusunod sa lahat ng mga regulasyon na ipinahayag ng Komisyon ng Estados Unidos para sa Patas na Oportunidad sa Trabaho (U.S. Equal Employment Opportunity Commission).

Mabisang Komunikasyon: Karaniwan, kung hilingin, ang VTA ay magkakaloob ng mga naaangkop na tulong at serbisyo na hahantong sa mabisang komunikasyon para sa mga kuwalipikadong tao na may kapansanan para patas silang makasali sa mga programa, serbisyo at aktibidad ng VTA, kasama na ang mga kuwalipikadong sign language interpreter, mga dokumento na nasa Braille, at iba pang mga paraan para gawing madaling magamit ang mga impormasyon at komunikasyon para sa mga taong may mga kahinaan o problema sa pananalita, pandinig, o paningin.

Pagbabago sa Mga Patakaran at Pamamaraan: Gagawin ng VTA ang lahat ng mga makatuwirang pagbabago sa mga patakaran at programa para matiyak na ang mga taong may kapansanan ay may patas na oportunidad para malugod na magamit ang lahat ng mga programa, serbisyo, at aktibidad ito. Halimbawa, ang mga indibiduwal na may mga service animal (hayop na pantulong) ay malugod na tinatanggap sa mga vehicle ng VTA, mga pasilidad para sa transit, at mga administratibong tanggapan kahit na karaniwan ay ipinagbabawal ang mga alagang hayop.

Sinumang nangailangan ng dagdag na tulong o serbisyo para sa mabisang komunikasyon, o pagbabago sa mga patakaran o pamamaraan para makasali sa programa, serbisyo o aktibidad ng VTA, ay dapat makipag-ugnayan sa:

ADA Coordinator

Office of Diversity and Inclusion
3331 North First Street, B1
San Jose, CA 95134
(408) 321-2300
www.vta.org

Mangyari lang makipag-ugnayan sa ADA Coordinator sa lalong madaling panahon ngunit hindi mas tatagal sa 72 oras bago ang naka-schedule na kaganapan.

Hindi hinihiling ng ADA mula sa VTA na kumilos sa anumang paraan na maaaring makapagpabago sa kalikasan ng mga programa o serbisyo nito, o pilitin ang isang hindi karapat-dapat na problemang pinansiyal o administratibo.

Ang mga reklamo na ang isang programa, serbisyo o aktibidad ng VTA ay hindi magagamit ng mga taong may kapansanan ay dapat na ipatungo sa ADA Coordinator ng VTA (ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa itaas).

Hindi magpapatong ng multa ang VTA sa isang partikular na indibiduwal na may kapansanan o anumang grupo ng mga indibiduwal na may kapansanan para masakop ang mga gastusin ng dagdag na tulong/serbisyo o makatuwirang mga pagbabago sa patakaran, tulad ng pagkukuha ng mga item mula sa mga lokasyon na bukas para sa publikok ngunit hindi maa-access ng mga taong gumagamit ng mga wheelchair.